Australian Government
Department of Education, Skills and Employment

Maiikling kurso online

Ang Higher Education Relief Package ng Pamahalaan ng Australya ay kinabibilangan ng mga maiikling kurso online para sa mga manggagawa na naapektuhan ng COVID-19.

May mga kursong makukuha sa nursing, pagtuturo, kalusugan, IT at agham. Ang mga gastusin sa mga kurso ay may malaking diskuwento para sa mga estudyante at ang kabayaran ay maaaring ipagpaliban sa pamamagitan ng HECS-HELP para sa mga marapat.

Ang mga kurso ay patatakbuhin nang hanggang anim na buwan at tutulong sa mga manggagawa na magkaroon ng bagong mga kasanayan upang maghanda para sa bagong ekonomiya makaraan ang COVID-19. Para sa listahan ng maiikling kurso at ang kanilang mga bayad na may diskuwento, bumisita sa www.CourseSeeker.edu.au o tingnan ang Resources page ng website ng CourseSeeker para sa karagdagang impormasyon.